PERA SA JAPAN 4-a

●Denominasyon ng Yen

	1(ichi) yen	5(go) yen	10(juu) yen	50(gojuu) yen	100(hyaku) yen	500(gohyaku) yen
HARAP						
LIKOD						

	1, 000(sen) yen	5, 000(gosen)yen	10, 000(ichiman) yen
HARAP			
LIKOD			

Mayroon ding dalawang libo (¥2,000 nisen-yen) na perang papel.

Kung marami kayong naipon na barya, maaari ninyo itong papalitan sa bangko.



Pagtawag sa Ibang Bansa Mula sa Public Phone:

Kung tatawag sa ibang bansa, pakigamit ang telepono na puwede sa domestic at international calls. Puwede ninyong gamitin ang berdeng telepono na kulay ginto ang harap o kaya ang gray na telepono na may kulay gintong sash.
Nakasulat ang INTERNATIONAL AND DOMESTIC sa telepono.

Ang bayad sa telepono ay tig¥100.

客:ジョギング・シューズは, どこですか	Mamimili: Nasaan po ang jogging shoes ninyo?
店員:こちらですよ	Tindera: Nandito ho.
客:このデザインの色違いはありますか	Mamimili: Mayroon po ba kayong ibang kulay ng disenyong ito?
店員:白と青があります	Tindera: May puti at asul kami.
客:この青がいいですね	Mamimili: Maganda po itong kulay asul.
店員:どうぞ、履いてみてください	Tindera: Puwede ninyong isukat.
客:ちょっと、きついです 大きいサイズはありますか	Mamimili: Medyo masikip po. May mas malaking size po ba kayo?
店員:ありますよ	Tindera: Oo, meron.
客:ぴったりです これを、ください	Mamimili: Tamang-tama po ito. Bibilhin ko po ito.
店員:税込みで、3,129 円になります	Tindera: ¥3, 129 ho pati buwis.
店員:ありがとうございました	Tindera: Maraming salamat.

×××Shopping Center
Shoe Store
Telepono: ０７９－△△△－▽▽▽▽

Taon 200☆ XXXXXXX (Sabado) １５：２０

Kabuuang Halaga		￥３，１２９
(Buwis sa pagkonsumo	5%	￥１４９)
Natanggap na Pera		￥３，１２９
Barya		￥０

Ang detalye ng resibo ay kagaya ng nasa itaas.

May mga kupon, rebate, point card at iba pang serbisyo sa ilang mga tindahan dito. Magtanong kayo sa mga Tindahan ukol dito.

●Domestic mail

☐ Ordinaryong koreo

・regyular na koreo (selyadong sulat-fusho): hanggang 25gramo ¥80, hanggang 50gramo ¥90.

・iregyular na koreo: ang bayad ay depende sa timbang ng padala

・ordinaryong postcard (hagaki) : ¥50

・ibang padala: mini-letter (mini letter) : ¥60, reply-paid postcard (ofukuhagaki) : ¥100

☐ Espesyal na koreo

・rehistradong padalang pera (genkinkakitome) : ginagamit sa pagpapadala ng pera gamitin ang espesyal na envelope (genkinkakitomefuto) na mabibili sa post office

・ordinaryong registradong koreo (kanikakitome) : ginagamit sa pagpapadala ng mahahalagang bagay (hindi pera)

・espesyal na koreo (sokutatsu) : mas mabilis ang pagpapadala kaysa ordinaryong koreo

●International mail

☐Ordinaryong international mail

・airmail: postcard, selyadong sulat, airport letter

☐ International parcel: length＋width＋height＝hindi lalampas ng 90 cm at 2 kilo

・airmail: matatanggap sa loob ng 7-10 araw

・SAL (economy airmail): ang bilang ng araw ng pagpapadala ay mas mabagal kaysa airmail ngunit mas mabilis kaysa seamail (mga 6 ~ 13 araw)

・sea mail: matatanggap sa loob ng 50 araw

☐ EMS (express international mail service): mas mabilis kaysa airmail

Dito sa Japan , mayroong private home delivery system o door-to-door (1-2 araw ang delivery sa buong bansa). Puwede ring magpadala sa mga convenience stores. Kung magpapadala sa ibang bansa, mayroon ding international home delivery system.

●Pagpunta sa Kobe Immigration Office (Osaka Immigration Bureau, Kobe District Office)

JR Sasayamaguchi **Sumakay sa semi-express na tren papuntang Osaka**

↓ 1 oras

JR Amagasaki Sanyo Line **Lumipat sa express na tren papuntang Himeji**

o kaya sa **Lumipat sa semi-express na tren papuntang Aboshi**

↓ 15 minuto

JR Sannomiya

↓ 15 minuto ang lalakarin

KobeImmigration Office

●Pagpunta Osaka International Airport

JR Sasayamaguchi **Sumakay sa semi-expressss na tren papuntang Osaka**

↓ 50 minuto

JR Itami **Itami** Sumakay sa bus papuntang airport (dumarating kada15~30 minuto)

↓

Osaka International Airport

●Pagpunta sa Kansai International Airport

JR Sasayamaguchi **Sumakay sa semi-expres na tren papuntang Osaka**

↓ 1 oras

JR Osaka JR Loopline Platform (Kanjosen sotomawari)

Lumipat sa semi-express train Papuntang Kansai International Airport

↓ Mga 1 oras

Kansai International Airport

Sa international flights, ang nagdadalang-tao na 36 na linggo ang dinadala ay kinakailangang kumuha ng sertipikasyon ng doctor. Kung 38 na linggo, hindi papayagang sumakay ng eroplano kung walang kasamang doctor. Ang mga bagong panaganak na sanggol ay puwede nang pasakayin sa eroplano mula 8 araw pagkapanganak.

Mainam magpadala ng bagahe sa airport sa pamamagitan ng home delivery service. Upang makarating ito isang araw bago ang inyong alis, ipadala 2 araw bago ang flight .

●Pagmamaneho ng sasakyan

Kung kayo ay may driver's license na galing sa ibang bansa, maaaring ito ay kailangang papalitan ninyo ng Japanese driver's license.

☐ Mga kondisyon sa pagpapalit ng lisensiya

・mahigit 18 taon ang edad

・kinakailangang tumira sa bansang yaon ng mahigit sa 3 buwan pagkatapos makuha ang driver's license

・ang foreign driver's license ay nasa validity period

☐ Lugar ng pagpapalit ng lisensiya

・Akashi Driver's License Examination Center
(Akashi Untenmenkyoshikenjoo)
Akashishi Niyamachoo 1649-2 ☎078-912-1628

・Mayroong dokyumento sa pagsusuri, simpleng written test at praktikal na driving test.

＊Ang written test ay maaari ninyong gawin sa Ingles, Espanyol, Portuguese, Korean, Persian o Nihongo (may nakasulat na furigana).

＊Para sa ilang mga bansa, ang dokyumento sa pagsusuri lamang ang kakailanganin.

☐ Oras ng aplikasyon

・Lunes hanggang Biyernes, 9:30-10:30 ng umaga

☐ Mga Dadalhin

・application form

・foreign driver's license: nakasulat ang araw ng pagtanggap

・passport: nakasulat ang araw ng pag-alis sa sariling bansa

・photocopy ng alien registration card o katibayan na nakapag apply na ng alien registration card, A resident card

・Japanese translation ng foreign driver's license: ipasalin ninyo ito sa consulate o sa JAF (may bayad)

・examination fee, application fee: magbayad

Upang pumunta sa lugar ng eksamen . . .

JR Sasayamaguchi
(semi-express train papuntang Osaka)

↓

JR Amagasaki

↓ (express train papuntang Himeji) magpalit ng train dito

JR Akashi

↓ Sumakay sa bus No.1 na umaalis mula sa bus stop na nasa gawing hilaga ng istasyon ng tren Bumaba sa Menkyokooshisentaamae o kaya saMntenmenkyoshikenjoomae

↓

Driver's License Examination Center

☐ Pag-renew ng Lisensiya

・Ang validity period ng lisensiya ay 3 taon mula sa kaarawan ng aplikante. Pagkatapos nito, ito ay kailangang i-renew kada 3 taon (minsan kada 5 taon para sa ekspertong driver)

・Makakatanggap kayo ng postcard mula sa pulis sa inyong lugar (address na nakasulat sa driver's license) kung saan ipapaalala sa inyo na kailangang mag-renew ng inyong lisensiya.

＊Sa Japan, kailangang kumuha ng written examination at practical driving test upang makakuha ng bagong lisensiya.

＊Maaaring kunin ang written examination sa wikang Ingles.

PAGBILI NG SASAKYAN 4-f

● Paraan ng pagbili ng sasakyan

☐ Masyadong kumplikado ang paraan ng pagbili ng sasakyan kaya mas maiging bumili mula sa car dealer.

☐ Kung kayo ay bibili ng sasakyan sa car dealer, magbabayad kayo ng karagdagang pera (kasama ang bayad ng sasakyan, buwis, insurance para sa aksidente, plaka) subali't ang kumplikadong trabaho ay gagawin nila.

☐ Kakailanganin ninyo ang isang rehistradong hanko (jitsuin - ang rehistrasyon ay ginagawa sa city registrar's office sa city hall), katibayan ng garahe o parking lot (shakoshoomei - mag-apply sa opisina ng pulis kung saan naroroon ang garahe o parking lot).

Indibiduwal na Pagbili at Paglipat ng Sasakyan

Ang paglipat ng pagmamay-ari ng sasakyan at pagpalit ng pangalan sa insurance ay kumplikado at Kakailanganin pa ang rehistradong hanko at iba pang papeles. Kung ang paglipat ng pangalan at iba pang bagay ay hindi ginawa ng maayos, mahihirapan kayo sakaling magkaroon ng aksidente o problema. Mas mabuting iwasan ang pagbili ng sasakyan mula sa indibidwal na may-ari. Kung ito ay hindi maiwasan, sumangguni kayo sa isang dalubhasa o notaryong pampubliko (may bayad).

●Insurance

☐ Sa pagpapaseguro ng sasakyan, mayroong compulsory insurance (jibaiseki - compulsory automobile liability insurance) at optional insurance.

☐ Obligado kayong kumuha ng compulsory insurance kung bibili ng sasakyan.

☐ Kung magkakaroon ng aksidente, ang bayad mula sa compulsory insurance ay hindi sapat kaya mas maiging kumuha pa rin ng optional insurance.

●Pagsisiyasat sa sasakyan

☐ Ang pagsisiyasat sa bagong sasakyan ay ginagawa pagkatapos ng 3 taon at kada 2 taon sa susunod.

☐ Ang bayad sa pagsisiyasat (bayad sa aplikasyon, compulsory insurance, buwis, bayad sa pag-aayos) ay masyadong mahal kaya paghandaan ninyo ito.

●Buwis

☐ Taon-taon ay magbabayad ng ordinaryong buwis para sa ordinaryong sasakyan at compact car tax naman para sa maliliit na sasakyan.

☐ Ang resibo ng binayarang buwis ay kailangan kapag pinasiyasat ang inyong sasakyan kaya itago ninyo ito.

●Pagtatapon ng sasakyan

☐ Gawin ang tamang paraan sa pagtatapon ng sasakyan.

・Kayo rin mismo ang magtatapon sa body ng sasakyan.

☐ Kung ibibigay ninyo ang sasakyan sa ibang tao, kailangang ilipat ninyo ang pagmamay-ari nito.

＊Kung hindi ninyo gagawin ang tamang paraan sa pagtatapon ng sasakyan at paglilipat ng pagmamay-ari nito, patuloy kayong pagbabayarin ng buwis, insurance at iba pa.

● Private Housing

☐ Tutulungan kayo ng ahente ng bahay sa paghahanap ng bahay, apartment o condominium kung sasabihin ninyo sa kanya ang detalye ng gusto ninyong tirahan kagaya ng lokasyon, halaga ng renta, laki ng bahay, at iba pa.

・Alamin natin kung ang bahay ay nasisikatan ng araw, maingay ang kapaligiran, at iba pa.

・Dito sa Japan, walang muwebles, kurtina at iba pang gamit sa paupahang lugar. May mga kuwarto rin na walang banyo o shower.

Importanteng Termino sa Kontrata

・Contract guarantee deposit (tetsuke)
Halagang babayaran upang seguruhin ang kontrata o kaya ay ireserba ang tirahan. Kadalasan ay hindi ito ibinabalik kahit walang kontratang pinirmahan.

・Lease contract (chintaikeiyakusho)
Ito ang kontrata ng nagpapaupa at uupa ng bahay. Nakasaad dito ang halaga ng upa , peryodo ng kontrata at iba pang detalye.

・Deposit/Security Money (shikikin/hoshokin)
Ito ang depositong pera na hahawakan ng nagpapaupa ng bahay.

・Maintenance/Management Fee (kyoekihi/kanrihi)
Halagang babayaran para sa pag-aayos ng bahay, koryente sa mga kuwartong ginagamitng lahat ng umuupa, at iba pa. Kung minsan ay kasama na ito sa renta.

・Brokerage Commission (chukaitesuryo)
Ito ang komisyon o perang babayaran sa ahente ng bahay.

・Joint Guarantor (rentaihoshonin)
Ito ang taong kasamang mananagot ng nangungupahan sakaling magkaroon ng problema.

Kung aalis kayo sa apartment, sabihin ninyo sa may-ari ng bahay isang buwan bago kayo umalis at kung hindi, kayo ay pagbabayarin ng isang buwan na upa.

Libutin natin ang maraming bahay kasama ng ahente hanggang sa mahanapan natin ang gusto nating lugar.

●Public Housing

☐ Kasama dito ang city-managed housing, prefecture-managed housing at housing para sa employment promotion.

☐ Ang bilang ng miyembro ng pamilya, suweldo at iba pang bagay ay binibigyan ng konsiderasyon.

☐ Kahit nag-apply man kayo, maaaring walang bakanteng lugar.

▼ Para sa aplikasyon at mga tanong, tawagan ang

City & Prefecturally Managed Housing: Regional Development Department ☎079-552-1118
Hyogo Prefecture Public Housing Corporation, Kobe Office ☎078-232-9557
Housing for Employment Promotion:Hello Work Sasayama ☎079-552-0092

●Paglipat

☐ Puwedeng kayo mismo ang maglipat ng inyong gamit. Kung magpapatulong kayo sa kompanyang tagalipat, tanungin ninyo kung magkano ang bayad at iba pang detalye.

●Gaas・Tubig・Koryente

☐ Koneksiyon

・Gaas: City Gas - mag-apply nang diretso sa Sasayama City Gas Company

Propane Gas - Tawagan ang kompanya ng gaas (hindi pare-pareho depende sa tirahan)

> Pabuksan ninyo sa empleyado ng City Office o ng kompanya ng gaas ang gas plug. Huwag na huwag ninyo itong bubuksan.

・Tubig: mag-apply nang diretso sa Waterworks Department o Branch Office.

・Koryente: mag-apply sa Kansai Electric Power Company, Sanda Business Office (☎0800-777-8047)

＊Kakailanganin ang inyong pangalan, tirahan at customer number (ito ang numerong nakasulat sa label na nakadikit sa meter box).

> Ang boltahe ng koryente sa Japan ay 100 volts. Maaaring hindi ninyo magagamit ang appliances na galing sa ibang bansa.

☐ Pagbayad ng Bills

・cash

・automatic na deduksiyon

Pagkalipat ninyo, makipagkilala kayo sa inyong kapitbahay at alamin ang iskedyul ng pagtatapon ng basura, lokasyon ng ospital o supermarket atbp.

「Bagong lipat po ako dito. Ako po si ○○.」「Natutuwa akong makilala kayo」

Kondo koshitekita ○○desu. Yoroshiku onegai shimasu.

●Pagpalit ng Address

☐ Siguraduhin ninyong mapalitan ang address na nakasulat sa inyong alien registration card sa loob ng14 araw sa Citizen's Department (☎079-552-5242).

☐ Papalitan ang address sa inyong National Health Insurance card sa Health Insurance Department (☎079-552-7103).

＊ Kapag nag-sumite kayo ng postcard para sa pagpalit ng tirahan sa post office, ipapadala ang inyong koreyo sa bago ninyong tirahan.